Date Printed: 04/23/2009

JTS Box Number: IFES_71

Tab Number: 20

Document Title: Election 1998

Document Date: 1998

Document Country: Philippines

Document Language: Filipino

IFES ID: CE01630

*70C96641-78B2-4359-B540-1ED24374D625*

J. Walter Thompson

# ELECTION 1998

**RADIO SCRIPTS**

SIMPLE • FOCUSED • CUT-THROUGH

"Dreams" RC 30s
Vote motivator
CODE: RC-01

GIRL1: **Anong gusto n'yo paglaki nyo? Ako artista.** JESSICA

BOY1: **Paglaki ko gusto kong maging doktor.** — JOHN - JOHN

BOY2: **Ako engineer.** —

BOY3: **Ako pulis.** —

GIRL2: **Ako Senator.**

BOY4: **Ako... Presidente.** —

Peers tease him.

ANNCR: **Bigyan natin sila ng pagkakataong magkaroon ng magandang bukas. Bumoto ng wasto at matalino ngayong eleksyon.**

GIRL1: **(Teasing and sexy) Mr. Presidente. Ano pong gagawin natin?** JESSICA

Kids then laugh.

ANNCR: **Tandaan, boto mo. Kinabukasan n'ya.**
**Isang serbisyo publico ng Commision on Elections.**

"President" RC 30s
Vote motivator
CODE: RC-01
Alternative

BOY1: **Kung Presidente ka ng Pilipinas, anong gagawin mo?**

BOY2: **Bibigyan ko lahat ng tig-one million. Lahat yayaman.**

ALL: **Wow, yaman.**

BOY3: **Ako...papa-aircon ko ang Pilipinas.**

BOY4: **Talo ka, ako bawal na ang homework sa school!**

ALL: **Susumbong ka namin kay Mam!**

All laugh.

ANNCR: **Bigyan natin sila ng pagkakataong matupad ang pangarap ng magandang bukas. Bumoto ng wasto at matalino ngayong eleksyon.**

ALL: **Ikaw Tim?**

BOY1: **Hirap na nga ng grade 4, president pa.**

Kids then tease him.

ANNCR: **Tandaan, boto mo. Kinabukasan n'ya.**
**Isang serbisyo publico ng Commision on Elections.**

"Q&A" RC 30s
Integrity of process
CODE: RC-02

*NOTE:* *Kids' lines will be repeated in a loop. Lines start with clear gaps in-between then overlaps the secondtime.Until they finally become incomprehensible on the third.*

| | |
|---|---|
| CHILD1: | **Inay, bakit walang ilaw?** |
| CHILD2: | **Miss ko na si Daddy. Uuwi na ba siya galing abroad?** |
| CHILD3: | **Wala na namang tubig?** |
| JANINE CHILD4: | **Ma, bakit siya namamalimos?** |
| CHILD5: | **'Nay, ano 'yung massacre?** |
| SFX: | Questions overlap each other and then stops abruptly. |
| ✓ ANNCR: | **Bumoto ngayong eleksyon at bigyang sagot ang mga katanungang ito.** |
| CHILD: | **Sinong iboboto mo?** |
| ANNCR: | **Tandaan, boto mo. Kinabukasan n'ya.**<br>**Isang serbisyo publico ng Commission on Elections.** |

6

"Reporter" RC 30s
Violence and Intimidation
CODE: RC-03

| | |
|---|---|
| MOTHER: | Softly humming a lullaby "Meme na bunso" to her child. The hum will slowly diminish as the sound of poll violence enters and becomes more prominent. |
| SFX: | Poll violence as covered by a field reporter. Starts at a very low level and then becomes clearer. |
| REPORTER: | **(Radio cracking) Nandito po tayo sa poll precinct number 5 sa may De los Santos avenue kung saan may kaguluhang nagaganap. Napagalamang nanggugulo ang mga bata ng dating mayor...** |
| | Then we'll hear a loud spray of gunshots. People scream. Police sirens enter. More gunshots. |
| BABY: | Baby cries out loud. Mother hums and hushes baby. Humming lingers until end. |
| ANNCR: | **Ipakita natin sa kanila ang isang ligtas at matahimik na bukas. Huwag matakot. Huwag magpatakot. Bumoto ng buong tapang ngayong eleksyon!** |
| | **Tandaan, boto mo. Kinabukasan n'ya.<br>Isang serbisyo publico ng Commission on Elections.** |
| SFX: | Humming up and then fades as announcer finishes his line. |

ACTUAL SFX

"Handtag" RC 30s
Vote buying
CODE: RC-04

Ambiant sound of polling place

| | |
|---|---|
| *NOTE:* | *Idea is that there will be an interspersing audio between vote buying negotiation in a poll place and baby sleeping in her room.* |
| BUYER: | **Brad. Five hundred. Boto mo lang ang kandidato ko.** |
| DAD: | **Pasensiya ka na may iboboto na ako.** |
| SFX: | After the first two lines we will hear a child whimpering. It becomes louder until child finally cries. Crying lingers throughtout vote buying monologue. |
| BUYER: | **Ayaw? Seven hundred? 'Sanlinggong ulam na 'yan. Para sa pamilya mo 'to.** |
| | **Hindi pa rin? (Sounds a little bit angry) Hirap mo namang kostumer. Magkano ba? Isanlibo? O one-five, last offer ko na 'yan.** |
| Cut 3 and 4 ANNCR: | **Magkano nga ba ang halaga ng kanyang kinabukasan? Huwag ipagbili ang boto. Bumoto ng tapat at malinis ngayong eleksyon.** |
| DAD: | Hushes baby **"Shoo...shoo.. 'wag ka nang umiyak."** Baby slowly stops crying. Daddy tickles kid. Kid giggles. |
| Cut 3 of Dreams ANNCR: | **Tandaan, boto mo. Kinabukasan n'ya.** **Isang serbisyo publico ng Commission on Elections.** |

BROSCO –

# "CHECK ONE"
# RC 30s/RC-05

ANNCR: MGA MAMAYANG PILIPINO, SIGURADUHING MAKAKABOTO...
(very barker type)

SFX: (Under)Grabbing of microphone. Microphone feedbacks.
TEEN1: (Cuts in) Ah, Mr. Announcer ... kami na lang ho? (exhales loudly) Siguraduhing makakaboto sa eleksyon...

TEEN2: Pumunta sa Comelec office sa inyong munisipyo...

TEEN3: I-check kung tama ang pangalan sa voters' list...

TEEN4: At impormasyon sa inyo.

ANNCR: (Butts in) IT'S YOUR RESPONSIBILITY, SO CHECK THE ...

TEEN1: Mr. Announcer...
SFX: (Under) Announcer reacts by clearing throat "UUHUM"

ALL TEENS: (Chorus) CHECK THE VOTER'S LIST--NOW!

ANNCR: TANDAAN: BOTO MO. KINABUKASAN N'YA.
SFX: (Under) Teen 1 on background giving up andsaying "AAAAARGH"!

TEEN2: Isang serbisyo publico ng Commission on Elections.

ATTN: Vicky Ortiz

**COMELEC RADIO PLUG**
**(PARTY LIST GROUP)**
**VERSION 1**

ANNOUNCER : PAALALA PO NG COMELEC PARA SA DARATING NA MAY 11 ELECTIONS, PUMILI NA PO TAYO NG PARTY-LIST GROUP NA IBOBOTO NATIN.

PARTIES,

ANG PARTY LIST AY PARA MAGKAROON NG KINATAWAN SA HOUSE OF REPRESENTATIVES ANG MALILIIT NA POLITICAL ~~[illegible]~~ AT SECTORAL ORGANIZATIONS O COALITIONS TULAD NG MGA MANGGAGAWA, KABATAAN, KABABAIHAN, MGA MANGINGISDA, ATBP. . .

SA MAYO-ONSE, DALAWA ANG DAPAT NATING IBOTO PARA SA HOUSE OF REPRESENTATIVES! ISANG CONGRESSMAN AT ISANG PARTY-LIST GROUP!

TANDAAN! BOTO MO KINABUKASAN NATIN. (OR PAYAN)

ISANG SERBISYO PUBLIKO NG COMMISSION ON ELECTIONS, OPS-PIA, KBP AT NG HIMPILANG ITO.

REFERRED ALREADY TO
MR. BONG AGUDO

NOTE: ALL TEXT READ OVER THE PHONE TO BONG BEFORE I RECORDED YESTERDAY AT VIDEO PROD.